Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro, 5214

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-13 NG PEBRERO, 2006 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon- | - | -do- |
| Kgg. Sanny O. Madra | - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario | - | -do |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pres., Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Sang. Bayan Member - **Leave** |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | SK Fed. President |

x------------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 06-02-023

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG LEANDROLITO ROMASANTA**

**SAPAGKAT,** si Kagawad Leandrolito Romasanta ng Barangay Nasucob, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang buhay na noong Linggo, ika-12 ng Pebrero, taong kasalukuyan dahil sa sakit na **"typoid fever"**;

**SAPAGKAT,** si Kagawad Romasanta ay naglingkod sa Barangay Nasucob ng halos siyam (9) na taon at sa panahon ng kanyang panunungkulan siya ay naging matapat sa tungkulin; masipag at matiyaga sa pagsulong ng mga programang nagpalago ng pangkabuhayan at aspetong sosyal ng kanyang kabarangay at nagsikap na maging patas ang pagpapatupad ng mga ordinansa lalong-lalo na sa mga karaniwang mamamayang walang impluwensiya at kulang sa kaalaman;

**SAPAGKAT,** siya ay isang mabuting asawa at huwarang ama sa kanyang apat (4) na mga anak, sapagkat ang mga ito ay lumaki ng may pagmamahal sa Diyos at sa kapwa at kahalagahan ng edukasyon kung kayat sa kabila ng kahirapan itinaguyod niya ang pag-aaral ng kanyang mga anak;

Scanned with CamScanner

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayan ng Barangay Nasucob at masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan; kung kaya't dahil dito

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Leandrolito Romasanta;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Sanny O. Madra na pinangalawahan ni Konsehal Gabriel c. Hermilao, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY"**: Pebrero 13, 2006 , Bulalacao, Oriental Mindoro.

**GABRIEL C. HERMILAO**
SB Member

**EFREN S. ACOSTA**
SB Member

**ROSALINDA M. CABAGAY**
SB Member

**LEONARDO A. ANDALLON**
SB Member

**SANNY O. MADRA**
SB Member

**ROBERTO A. HILARIO**
SB Member

**ERIC MICHAEL R. PAJOTAL**
SB Member Pres.,

**JUAN L. SALAS, SR.**
Liga ng mga Barangay

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SALVADOR A. MAGALAY**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng pulong

**SINAKSIHAN:**

**SIXTO D. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nlagdaan: 2-21-06

Wrd.res.
000214/jpc